

COVID-19 pandemic: Hamon sa kahandaan ng mga irosanong gurong magulang sa paaralan at tahanan

Llaneta, Rolly N. ✉

Gallanosa National High School / Sorsogon State University, Philippines (Rolandoneo547@gmail.com)

Received: 30 March 2021

Available Online: 8 June 2021

Revised: 22 April 2021

DOI: 10.5861/ijrse.2021.622

Accepted: 30 May 2021

ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

This study aims to know the methods used by Irosanon teacher-parent in the school and in their home as a means of readiness in facing pandemic related problems. 1) To determine the methods used by Irosanon teacher-parent to recover from pandemic related problems in schools particularly in teaching and learning in home. 2) To determine the positive and negative effects of pandemic in schools and home of the Irosanon teacher-parents. 3) To suggest an activity in school and a livelihood at home in time of pandemic in relation to the result of the study. The qualitative design was used by the researcher for the study and in choosing the participants a purposive sampling was utilized, in data gathering a non-structured question in interview were distributed, sent and collected through private messaging in order to record the answers in the interview. The respondents were Irosanon teacher-parents. Findings: 1) There were different kinds of methods the teacher-parents used to recover from the pandemic related problems in schools and home as a means of challenge in teaching. 2) There were different kinds of positive and negative effects of pandemic in schools and home of an Irosanon teacher-parents. 3) A proposed seminar-workshop for the Irosanon teacher-parent would be conducted in order to help developing skills a new normal modality of teaching in schools and a means of livelihood at home in times of pandemic. Conclusion: 1) The Irosanon teacher-parents has their own different ways in recovering pandemic related problems in their schools and home as a means of challenge in teaching. 2) There were differences of negative and positive effects of pandemic in schools and home as a means of challenge in teaching. 3) The output of the study is a proposal to conduct a seminar-workshop in order to develop skills in a new normal modality of teachings in schools and a means of livelihood at home in times of pandemic.

Keywords: challenge; Covid-19 pandemic; home; Irosanon teacher-parents; preparedness; school

COVID-19 pandemic: Hamon sa kahandaan ng mga irosanong gurong magulang sa paaralan at tahanan

1. Introduksyon

Sa paglaganap ng sakit na COVID19 sa buong mundo hindi lamang ang aspetong pangkalusugan ang naapektuhan, pati na rin ang aspetong pangkabuhayan kung saan marami sa mga negosyo at trabaho ang nagsara na sumunod lamang sa kauutusan ng pamahalaan gaya ng pagpapatupad ng IATF (Inter-Agency Task Force) upang hindi na lumala ang sitwasyon at kumalat pa ang sakit. Naapektuhan rin ang sektor ng edukasyon kung saan kailangan umisip ang mga guro ng mga makabagong modalidad sa pagtuturo na aangkop sa kinakaharap na sitwasyon at ang isa sa mga umusbong na suliranin ay ang kawalan ng magagamit na gadget ng mga mag-aaral lalo na sa mga mahihirap na pamilya at ang paghahanap ng malakas na signal ng internet sa mga pook rural lalo na ang mga nasa kabundukan.

Mula sa pag-aaral nina Burgess at Sievertsen (2020) galing sa www.voxeu.org maraming bansa ang nakapagpasya na isara ang maraming paaralan dulot ng COVID-19. Ang pag-aaral na ginaganap sa bahay lamang ay hindi lang gumulat sa maraming magulang na nagtatrabaho kundi may epekto rin sa mga bata na naapektuhan ang pakikisalamuha sa ordinaryong paraan ng pag-aaral. Masasalaming rito na ang buong pamilya ay apektado ng pandemya na naramdaman pareho ng mga magulang at kanilang mga anak.

Ayon naman sa artikulo ng website na www.en.m.wikipedia.org na may pamagat na “Impact of COVID-19 Pandemic on Education”, mula Setyembre 30, 2020 1.077 bilyong mga mag-aaral ang maapektuhan ng pandemya dahil sa pagsasara ng mga paaralan na nakaapekto sa iba’t ibang pang-sosyal at pang-ekonomiyang usapin sa panig ng mga mag-aaral tulad ng utang ng mga mag-aaral, pag-aaral sa pamamagitan ng digital, kakulangan sa pagkain at matitirahan. Dito napapatunayan na hindi lang ang sistema ng edukasyon ang apektado ng pandemya kundi pati na rin ang pinansiyal at sosyal na aspeto ng pag-aaral ng mga mag-aaral.

Nabanggit sa artikulo ng website na www.en.unesco.org na may pamagat na “Policy Brief: Education During COVID-19 and Beyond”, na nagdulot ng pagpapahinto sa edukasyon sa kasaysayan at nakaapekto sa 1.6 bilyong mag-aaral sa higit 190 na bansa sa lahat ng kontinente ang pandemya. Ang pagsasara ng mga paaralan ay nakaapekto sa 94% ng kabuuang populasyon ng mg mag-aaral sa buong mundo, na umabot sa 99% ng populasyon sa mababa at nasa katamtamang kitang mga bansa. Pagdating naman sa kalagayan ng mga guro ayon sa website na ito sa bahaging Sub-Saharan Africa 50% ng mga gurong nagtuturo sa sekundarya ay nakaranas lang ng minimum na pagsasanay at karamihan ay hindi naisama ang pagsasanay sa “basic digital skill”. Sa kalagayang pang-pinansiyal karamihan sa mga guro ay kailangang maghanap ng pangalawang mapagkakakitaan bukod sa pagtuturo at hindi makatutugon sa “distance learning” ng mga mag-aaral. Nangangahulugan lamang ito na hindi lamang ang mga mag-aaral ang apektado ng pandemya kundi pati na rin ang buhay ng mga guro sa paaralan pagdating sa kanilang kakayahan na turuan ang mga mag-aaral pagdating sa makabagong modalidad ng pagtuturo na gumagamit ng “digital skills and materials” at apektado na rin ang pinansiyal na aspeto sapagkat bukod sa kita sa pagtuturo ay kainakailangan pang humanap ng iba pang mapagkakakitaan upang matustusan ang mga pangangailangan sa pagtugon sa “distance learning”.

Ayon naman kay Schleicher (2020) ang pamahalaan ng Australia ay nagbigay ng pundo sa programa ng pamahalaan na “Higher Education Relief Package”, sa mga Australyanong nawalan ng trabaho bunga ng pandemya na nag-aasam na malinang ang kakayahan at gustong sanayin ang kakayahan. Ang mga mag-aaral naman na walang kakayahan ay binibigyan ng panahong makabayad at hindi muna sisingilin sa mga utang sa loob ng anim na buwan (Australian Government, 2020). Ang pamahalaan naman ng Canada ay may programang “Canada Emergency Student Benefit” na nagbibigay ng suportang pinansiyal sa mga mag-aaral sa sekundarya at mga nakapagtapos ng hayskul na hindi pa nakahahanap ng mapagkakakitaan dahil sa COVID-19 nitong tag-araw

(Trudeau, 2020; del Castillo, 2021). Ibig sabihin gumagawa rin ng iba't ibang hakbang ang pamahalaan upang matugunan ang suliraning dulot ng pandemya sa edukasyon particular na sa mga mag-aaral na naghihirap at hindi pa makahanap ng mapagkakakitaan.

Mula sa website na www.senate.gov.ph sa artikulong "Pandemic Preparedness Act-Senate of the Philippines" na ang akda ay si Sen. Manny Villar, ang batas na ito ay naglalayong gumawa ng Pandemic Emergency Plan upang makapaghandang upang maiwasan ang hawaan ng virus, maiwasan ang pagdala sa hospital o pagkakasakit at kamatayan at mapangalagaan at mapanatili ang mga mahalagang serbisyo ng pamahalaan para maiwasan ang epekto sa ekonomiya at sa panlipunang aspeto. Isa ito sa mga batas na puprotekta lalong lalo na sa panahon ng pandemya dahil ito ay pagsasagawa ng plano kung ano-ano ang mga pamamaraan upang maiwasan ang virus at mapanatili ang mga serbisyo ng pamahalaan nang sa gayon ay hindi lumala ang situwasyon bagkus kundi man mapigilan ay mabawasan ang paglala ng situwasyon.

Ayon sa sarbey na isinagawa ni Patrick et al. (2020) sa Estados Unidos mula noong Marso, 2020 na ang mga kalahok ay may mga anak na may edad na 18 pababa na may layuning sukatin ang kalagayang pangkalusugan, pangseguridad, pangnutrisyon, paggamit ng public food assistance program, pagkalinga sa mga anak at paggamit ng serbisyo pangkalusugan, 27% ng mga magulang ang may problema sa mental health at 14% ang nanganganib na maapektuhan behavioural health para sa kanilang mga anak. Ito ay dahil sa pagtaas ng kaso ng food insecurity mula 6% bago ang Marso 2020 at matapos ang buwan ay tumaas sa 8%, nagbawas naman ng employered-sponsored insurance coverage sa mga bata ng 63% papunta sa 60% na lang at 24% ng mga magulang ay nagkulang sa pagkalinga sa mga anak. Pinapakita sa sarbey na ito na may epekto ang pandemya sa buhay ng mga magulang at anak sa Estados Unidos kung saan isa sila sa mga mayayamang bansa, paano na lang ang mahihirap na bansa o iyong tinatawag na third world o developing countries.

Sa pag-aaral naman nina, Bozkurt at Sharma (2020) napilitan raw ang sektor edukasyon na lumipat mula sa face-to-face na pagtuturo papunta sa online emergency remote teaching. Dito masusubok ang kakayahan ng mga gurong magturo lalo na doon sa mga senior citizen na guro kung saan kung hindi man nahuhuli ay kaunti lang ang alam sa paggamit ng mga makabagong teknolohiya. Binanggit naman sa pag-aaral Ferdig et al. (2020) marami sa mga naglalathala ngayong panahon ng pandemya ay nakapokus sa karanasan, inibasyon at mga pamamaraan sa pagtuturo. Isa sa mga layunin nito ay upang makatulong sa iba pang mga nasa sektor ng edukasyon namakakuha ng mga makabagong ideya kung paano haharapin ang mga suliranin sa pagtuturo sa panahon ng pandemya.

Sa isa namang pag-aaral sa Portugal nina Flores, Machado, at Alves (2020) may mga gurong hindi makapagbigay ng maayos na interaksyon sa mga mag-aaral dahil sa kakulangan ng kagamitan ng guro at ng mga mag-aaral, pag-ugnay ng guro sa mga mag-aaral sa aralin, kakulangan sa oras, kakulangan sa kasanayan sa pagtuturo online, at kakulangan sa suporta ng mga magulang sa pag-aaral. Sa kadalasan ang mga guro ang naghahanap ng paraan upang makaagapay sa paggamit ng makabagong teknolohiya sa pagtuturo. Marami sa mga guro ang nagsabing mas mahabang oras ang kinakailangan sa remote teaching kaysa sa face-to-face na pagtuturo, pero ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagsasagawa ng pagsusulit ay nangangailangan lang ng kaunting oras. Maraming suliranin ang lumabas sa pagsisimula ng remote teaching na nangangailangan ng suporta sa mga guro hindi lang ng pamahalaan kundi pati na rin ng mga magulang na may kabahagi sa pagpapalaki ng kanilang mga anak.

Ayon naman sa pag-aaral nina Flores at Gago (2020) nanapektuhan rin ang mga nag-aaral na maging guro o mga education student tulad ng mga student teachers na minomonitor ng cooperating teacher o supervising teacher sa paglinang ng mga aralin sa pamamagitan ng telepono o cellular phone, WhatsApp and Skype. Nagbagong bihis na rin kahit na ang mga nasa kolehiyo na gumagamit na rin ng mga makabagong teknolohiya sa pagsubaybay at pagtaya sa mga mag-aaral nasa kolehiyo at unibersidad.

Bilang paglalagom mahihinuha ang ideya rito ng patuloy na paglinang ng lahat ng sektor sa buong mundo upang makaagapay sa pagbabagong dulot ng COVID19 partikular na sa edukasyon na kung dati ay harap-harapan ang pagtuturo ay kailangang magbagong-bihis sa paggamit ng makabagong teknolohiya sa pagtugon sa mga

makabagong modalidad sa pagtuturo. Dahil sa delikado ang modalidad na face-to-face sa pagkalat ng paghahawaan ng COVID19 napagpasyahan ng karamihan ng mga bumubuo ng Kagawaran ng Edukasyon at pamunuan ng mga paaralan na gamitin ang modalidad na online class, modular at blended.

1.1 Paglalahad ng suliranin

Ang pangkalahatang layunin ng pag-aaral ay para malaman ang mga pamamaraan para sa paghahanda ng Irosanong gurong magulang sa paaralan at tahanan sa panahon ng pandemya. Ang mga ispisipikong layunin ng ay ang mga sumusunod:

1. Matukoy ang mga pamamaraan upang makabangon ang isang Irosanong gurong magulang sa mga suliranin sa edukasyon sa pagtuturo at sa tahanan sa mga hamon ng pandemya sa pag-aaral.
2. Matukoy ang mga positibo at negatibong dulot ng pandemya sa edukasyon at tahanan ng mga Irosanong gurong magulang.
3. Makapagbigay ng panukala sa mga Irosanong gurong magulang sa mga gawain sa paaralan at gawaing pangkabuhayan sa tahanan sa panahon ng pandemya batay sa resulta ng pag-aaral.

2. Metodolohiya

Kwalitatibong disenyo ng pag-aaral ang ginamit sa pananaliksik at sa pagkalap ng mga kalahok ay gagamit ng purposive sampling sa pagpili ng 6 na Irosanong gurong magulang na kalahok sa pag-aaralsa pagkalap naman ng datos ay gagamit ng sarbey at tatatanungan upang matukoy ang mga pamamaraan upang makabangon sa mga suliranin sa edukasyon at tahanan sa panahon ng pandemya at makaagapay sa mga panukalang pamamaraan ng pagtuturo at maihanda ang sarili sa panahon ng pandemya. Ang naging kalahok ay 6 na Irosanong gurong magulang. Walang istrukturang tanong sa panayam ang isinagawa upang matukoy ang mga positibo at negatibo impak sa edukasyon tahanan ng isang Irosanong gurong magulang. Private messaging na i-screenshot ang gagamitin upang ma i-record ang mga sagot sa mga katanungan sa panayam.

3. Mga resulta at talakayan

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay malaman ang mga pamamaraan para sa paghahanda ng Irosanong gurong magulang sa paaralan at tahanan sa panahon ng pandemya.

1. Matukoy ang mga pamamaraan upang makabangon ang isang Irosanong gurong magulang sa mga suliranin sa edukasyon sa pagtuturo at sa tahanan sa mga hamon ng pandemya sa pag-aaral.
2. Matukoy ang mga positibo at negatibong dulot ng pandemya sa edukasyon at tahanan ng mga Irosanong gurong magulang.
3. Makapagbigay ng panukala sa mga Irosanong gurong magulang sa mga gawain sa paaralan at gawaing pangkabuhayan sa tahanan sa panahon ng pandemya batay sa resulta ng pag-aaral.

PAKSA 1: Pamamaraan Upang Makabangon ang Isang Irosanong Gurong Magulang sa Suliranin sa Edukasyon

Ang mga kalahok ay nagbigay ng pahayag:

...Effective time management sa pagtuturo sa mga anak na estudyante... (K1)

...Maging resourceful upang maabot ang mga layunin ng pagkatuto ng di alintana ang pandemya... (K2)

...Pakikipag-ugnayan at pakikipag-usap sa mga pwedeng makatulong sa pag-aaral ng anak lalo

na sa akademik... (K3)

...Maging malawak ang pag-unawa at pagtanggap sa mga pagbabagong nagaganap sa kasalukuyan... (K4)

...Sumunod sa mga alituntunin na ipinatutupad ng kinauukulan... (K5)

...Maglaan ng oras o panahon para turuan sa aralin ang mga anak at makapag-bonding na rin... (K6)

Ipinakikita sa PAKSA 1 ang mga pamamaraan bilang solusyon sa mga suliranin sa edukasyon sa panahon ng pandemya sa pagtuturo o paggabay ng mga magulang sa kanilang mga anak sa bahay. Mahalaga ito sapagkat dito ipinakikita ang pagbibigay solusyon ng mga magulang sa mga hamon ng pandemya sa larangan ng edukasyon. Nangunguna na ang binaggit ng unang kalahok na kailangang magkaroon ng effective time management sa pagtuturo sa mga anak dahil minsan ay may mga gawain rin sa bahay at may trabaho ang mga magulang kinakailangan na mahti nang mabuti ang oras. Pangalawa na binaggit ng ikalawang kalahok ay ang pagiging resourceful kung saan lahat ng mga mapagkukunan ay kailangang tipirin lalo na't marami sa mga magulang ang nawalan ng trabaho sa panahon ng pandemya at kailangan rin i-budget ang pag-aaral ng mga anak na gagamit ng mga gadgets at gagastos sa load sa online learning. Pangatlong kalahok ang nagsabing makipag-ugnayan at makipag-usap sa pwedeng makatulong sa pag-aaral ng mga anak, pwedeng sa pamahalaan o sa kamag-anak o sa kakilala na matulungang makatugon ang mga anak sa mga bagong modalidad na idinulot ng pag-aaral. Ayon naman sa ikaapat na kalahok kailangang maging malawak ang pang-unawa at tanggapin ang mga pagbabagong nagaganap sa kasalukuyan, dahil binago ng COVID-19 ang sitwasyon sa mundo kinakailangan na maging "adjustable" ang mga tao upang maka-move on, dahil kung mismo sa sarili ay hindi natatanggap ang katotohanang may pandemya paano pa tutugon at magbibigay ng solusyon sa mga problemang dulot nito.

Binanggit naman ng ikalimang kalahok ay ang pagsunod sa mga alituntunin ipinatutupad ng mga kinauukulan, mahalaga ito upang ingatan ang sarili at iba pang kasapi ng pamilya na hindi mahawa ng sakit na COVID-19 kaya nga sinuspende ang face-to-face na modalidad ng pagtuturo upang maiwasan ang pagkahawa sa sakit. Sinabi naman ng pang-anim na kalahok na kailangan maglaan ng oras at panahon upang maturuan ang mga anak lalo na't nangangailangan ito ng higit na gabay sa pagtugon sa makabagong modalidad ng pag-aaral. Isa sa mga patunay na nabago ang modalidad ng pag-aaral dahil sa pandemya ay nagmula sa www.deped.gov.ph DepEd Order No.13 s.2020 na pinamagatang "Readiness Assessment Checklist for Learning Delivery Modalities in the Learning Continuity Plan of Private Schools", na binanggit ay ang pagpili ng espisipikong learning delivery modalities na gagamitin ay isasaalang-alang ang kalusugan at kaayusan ng buhay ng mga mag-aaral at mga nagtatrabaho sa DepEd (Kagawaran ng Edukasyon) at susunod sa inilatag na panuntunan maging sa local o pambansa at naaayon rin sa kagustuhan ng magulang at mag-aaral. Nangangahulugan lang ito na ang pag-aaral sa bagong kadayawan ay hinihimok na ingatan ang kalusugan at pagkatao ng mga mag-aaral at guro nang naaayon sa mga panuntunan ng pamahalaan at napagkasunduan para sa ikaliligtas sa sakit ng mga mag-aaral at mga kawani ng DepEd (Kagawaran ng Edukasyon) at isa na rito ay ang paggamit ng modyul sa pag-aaral at pagtuturo upang makaiwas sa sakit at hawaan ng sakit na COVID19.

PAKSA 2: Pamamaraan Upang Makabangon ang Isang Irosanong Gurong Magulang sa Suliranin sa Tahanan

Ang mga kalahok ay nagbigay ng pahayag:

...Bigyan ng panahon ang mga bata na pag-aralang mabuti ang mga aralin...(K1)

...Ang pagiging mahinahon sa panahon ng pandemya at pagiging matulungin sa kapwa...(K2)

...Dagdagan ang sipag, tiyaga at pagtitipid at paghahanap ng iba pang mapgkakakitaan...(K3)

...*Mas maging matiyaga at masigasig sa pagtupad ng tungkulin bilang magulang...*(K4)

...*Maging aktibo at responsable sa mga programa at proyekto ng pamahalaan tulad ng pagsunod sa mga health protocols...*(K5)

...*Mamuhay ng simple gamitin ang mga resources na available para sa innovations upang mapalago at maihatid ng tama ang mga kaalaman sa mga mag-aaral sa tahanan...*(K6)

Ipinakikita sa PAKSA 2 ang mga pamamaraan bilang solusyon sa mga suliranin sa tahanan sa panahon ng pandemya sa pagtuturo at paggabay ng magulang sa kanilang mga anak. Mahalaga ito sapagkat dito ipinakikita ang pagbibigay solusyon ng mga magulang sa mga hamon ng pandemya sa tahanan. Nangunguna na rito ang binaggit ng unang kalahok na kailangang bigyan ng panahon ang mga bata na pag-aralang mabuti ang mga aralin, sapagkat pwedeng modular ang modalidad ng pag-aaral ng mga bata kailangan ng sapat na panahon lalo na sa mga katanungan sa pag-aaral na hindi masagot ng magulang. At dahil modular sa pagbasa lang ng panuto sa module magagabayan ang mga mag-aaral kung paano sasagutan ang mga module. Binanggit ng ikalawang kalahok ang pagiging mahinahon sa panahon ng pandemya at pagtulong sa kapwa, dahil sa pagiging mahinahon mas maraming solusyon ang magagawa upang maibsan ang hirap na dulot ng pandemya. Sinabi naman ng ikatlong kalahok na kailangan dagdagan pa ang sipag, tiyaga, pagtitipid at maghanap pa ng iba pang mapagkakakitaan nang sa gayon matugunan ang pangangailangan sa pag-aaral ng mga anak lalo na sa larangan ng edukasyon. Ang pang-apat na kalahok ang nagpahayag na kailangan mas maging matiyaga at masigasig sa pagtupad ng tungkulin bilang isang magulang sapagkat ang sitwasyon ay mahirap kinakailangan na mas maging maagap sa pagtugon sa sitwasyon.

Binanggit naman ng ikalimang kalahok na kailangang maging aktibo at responsable sa mga programa at proyekto ng pamahalaan tulad ng pagsunod sa mga health protocols, ito ay dahil sa ang pamahalaan mismo ang gumagawa ng paraan par sa ikabubuti ng mga mamamayan at isa na rito ay ang pagpapatupad ng health protocols upang hindi mahawaan ang mga mamamayan ng sakit na COVID-19. At ayon sa ikaanim na kalahok kailangang mamuhay ng simple, gamitin ang mga resources na available para sa innovations upang mapalago at maihatid ng tama ang mga kaalaman sa mga mag-aaral sa tahanan, dahil sa krisis na hatid ng pandemya kailangang maghigpit ng sinturon ang bawat pamilya sa pag-budget sa tahanan nang sa gayon anumang mga gastusun ng bagong modalidad ng pag-aaral ng mga bata ay matustusan. Nagbago na rin ang mukha ng pag-aaral ng mga bata pinatunayan ito sa pag-aaral nina, Bozkurt at Sharma (2020) napilitan raw ang sektor edukasyon na lumipat mula sa face-to-face na pagtuturo papunta sa online emergency remote teaching. Dito masusubok ang kakayahan ng mga gurong magturo lalo na doon sa mga senior citizen na guro kung saan kung hindi man nahuhuli ay kaunti lang ang alam sa paggamit ng mga makabagong teknolohiya.

PAKSA 3: Positibong Dulot ng Pandemya sa Edukasyon

Ang mga kalahok ay nagbigay ng pahayag:

...*Nagkaroon ng flexible time sa pag-aaral...*(K1)

...*Nagkaroon ng oras na tutukan ang pag-aaral ng anak...*(K2)

...*Nagabayan ang mga anak sa pag-aaral...*(K3)

...*Lumuwag ang oras sa pag-aaral...*(K4)

...*Di-nakakagala matapos ang pagpasok sa paaralan kaya alam mo kung nasaan ang anak na nag-aaral...*(K5)

...*Nakapaglalaan ng oras para turuan sa mga aralin ang mga anak...*(K6)

Ipinakikita sa PAKSA 3 ang mga positibong dulot ng pandemya sa edukasyon. Mahalaga ito sapagkat dito

ipinakilala ang mga magandang naidulot ng pandemya sa larangan ng edukasyon. Una na rito ang sinabi ng unang kalahok na nagkaaroon ng flexible time sa pag-aaral, dahil sa marami sa mga bata ay nag-aaral sa bahay marami rin sa kanila ang maaaring magtakda ng oras kung kailan mag-aaral at magabayan sila ng kanilang mga magulang. Sinabi ng ikalawang kalahok na nagkaroon ng ng oras upang matutukan ang pag-aaral ng mga anak, ito ay dahil nasa bahay lang gaya ng sinabi ng unang kalahok mas marami ang maitatakdang oras upang magabayan ang anak maliban na lamang kung ang parehong magulang ay nagtatrabaho at gabi na kung umuwi.

Ayon sa iakatlong kalahok nagabayan ang mga anak sa pag-aaral iyon ay kungmay alam rin ang magulang sa pinag-aaralan ng anak kung hindi nakapag-aral ang magulang kailangang magpatulong sa kamaganak, kaibigan, kapitbahay at kung sino mang pwedeng tumulong upang magabayan ang mga anak. Sa pahayag naman ni kalahok apat binanggit niya na lumuwag ang oras sa pag-aaral, iyon ay dahil sa sariling oras ang ginagamit kapag nag-modular learning ang isang mag-aarala sa bahay nangangahulugan na dahil walang gurong gumagabay sa pag-aaral ang oras sa bahay ng pag-aaral ay sariling hahati-hatiin sa pag-aaral. Binanggit naman ni kalahok lima na ang mga mag-aaral ay di-nakakagala kaya hindi masyadong mahirap ang pag-alam sa sitwasyon ng anak di tulad ng karaniwang ayos ng pag-aaral matapos ang klase ay maaring pumunta ang mga mag-aaral sa iba pang lugar.

Ayon naman sa kalahok anim mas nakapaglalaan ng oras upang maturuan sa mga aralin ang isang anak, lalo na't nasa bahay lang ang pag-aaral ng mga bata kaya mas nakatutok ang magulang sa pag-aaral kung ikukumpara sa karaniwang ayos ng pag-aaral. Binanggit sa website na www.mastersportal.com, ang mga pamamaraan upang maging epektibo ang pag-aaral sa bahay na mula sa artikulong, "How to Effectively Study from Home during the Coronavirus Outbreak", na may mga pamamaraan upang maging epektibo ang pag-aaral sa bahay tulad ng paggawa ng study schedule na kailangang pumili ng oras kung kailan ang online classes kailangan dito ng tamang pamamahala sa oras. Para hindi maubos ang oras sa mga hindi gaanong mahalagang bagay kailangan may pamamahala sa paggamit ng oras sapagkat sa panahon ng pandemya mas maraming oras ang bakante na nasa bahay at mas maraming oras rin para sa mga mahalagang gawain tulad ng pag-aaral ng mabuti.

PAKSA 4: Positibong Dulot ng Pandemya sa Tahanan

Ang mga kalahok ay nagbigay ng pahayag:

...*Nawala ang pangamba ng magulang sa posibleng mangyari sa anak habang nasa paaralan...*(K1)

...*Nakatipid sa mga gastusin sapagkat walang pasok sa paaralan...*(K2)

...*Natutuwid kaagad ang mga pagkakamali ng mga anak sapagkat nasa bahay lang...*(K3)

...*Nagkaroon ng panahon para sa pamilya...*(K4)

...*Nabigyang pansin ang mga simpleng bagay sa kapaligiran tulad ng pagtatanim ng mga halaman at gulay sa bakuran...*(K5)

...*Napagtanto na maari ring mamuhay ng masaya kahit nasa bahay lang kasama ang pamilya...*(K6)

Ipinapakita sa PAKSA 4 ang mga positibong dulot ng pandemya sa edukasyon. Mahalaga ito sapagkat dito ipinapakita ang mga magandang naidulot ng pandemya sa tahanan. Nangunguna na rito ang sinabi ng unang kalahok na, nawala ang pangamba ng magulang sa posibleng mangyari sa anak habang nasa paaralan, ito ay dahil sa bahay ng lugar na pinagdarausan ng pag-aaral, mas madali na sa magulang ang paggabay sa mga anak kung ikukumpara sa paaralan. Pangalawa ang sinabi ng ikalawang kalahok na, nakakatipid sa mga gastusin sapagkat walang pasok sa paaralan, ito ay dahil sa walang baon ang mga mag-aaral dahil nasa bahay lang, hindi

rin kailangang gumastos sa pamasaha dahil hindi naman pupunta sa paaralan.

Binanggit naman ng ikatlong kalahok, ang pagtuwid sa pagkakamali ng mga anak sapagkat nasa bahay lang hindi tulad nang karaniwang nasa paaralan kailangang ipatawag pa ng guro ang atensiyon ng mga magulang kapag may nagawang kamalian ang mga mag-aaral. Ayon naman sa ikaapat na kalahok, mas nagkakaroon ng panahon sa pamilya dahil nasa bahay lang nag-aaral mas malapit sa pamilya sapagkat palaging nagkikita-kita. Panlima na binanggit ng ikalimang kalahok, ang pagbibigay ng pansin sa mga simpleng bagay sa kapaligiran tulad ng pagtatanim ng mga halaman at gulay sa bakuran, dahil hindi makalabas dahil sa pamdemya nabibigyang atensiyon ang pagtatanim na isa sa mga maaring maging libangan upang hindi mabagot sa panahon ng pandemya. Binanggit ng ikaanim na kalahok, na maaring mamuhay ng masaya kahit hindi nalilibang sa paglabas at kahit nasa bahay lang kasama ang pamilya ito ay dahil nga sa pagsunod sa protocol upang hindi mahawa ng sakit sa paglabas dulot ng COVID-19. Mula sa website na www.aa.com.tr binanggit ang pagkakaroon ng maraming oras sa pamilya sa artikulong pinamagatang, “More ‘Family Time’ amid Coronavirus Isolation at Home”, na kahit ang pananatili sa bahay ay may mga sagabal para sa marami, sa ilan ito ay oportunidad para malinang ang pagkakalapit ng loob ng mga magkakapamilya. Siguro dahil ito sa mas maraming oras na magkakasama ang pamilya sa loob ng bahay dahil lockdown bihira lang ang pianapayagang lumabas

PAKSA 5: Negatibong Dulot ng Pandemya sa Edukasyon

Ang mga kalahok ay nagbigay ng pahayag:

··*Kulang at hindi sapat na kaalaman ang naibabahagi sa mga bata dahil ang pag-aaral ay nakasalalay lamang sa limitadong kakayahan at kaalaman ng magulang...*(K1)

··*Walang pokus ang mga bata sa pag-aaral sa bahay...*(K2)

··*Hindi masyadong natututo ang mga anak dahil sa sobrang malaya...*(K3)

··*Dahil sa ang ibang magulang ay hindi nakapag-aral maaring mahirapan silang maturuan ang mga anak sa pag-aaral...*(K4)

··*Magastos sa load...*(K5)

··*Walang gaanong aktwal na interaksyon sa mga kamag-aral dahil ang pag-aaral ay ginagawa sa bahay...*(K6)

Ipinakikita sa PAKSA 5 ang mga negatibong dulot ng pandemya sa edukasyon. Mahalaga ito sapagkat dito malalaman ang mga hindi kapaki-pakinabang na idinulot ng pandemya sa edukasyon. Nauna nang sinabi ng unang kalahok na, kulang at hindi sapat na kaalaman ang naibabahagi sa mga bata dahil ang pag-aaral daw ay nakasalalay lamang sa limitadong kakayahan at kaalaman ng magulang, lalong-lalo na ang mga magulang na hindi nakapag-aral wala o kaunti lang ang maibabahagi nila sa pag-aaral ng kanilang mga anak ika nga sa isang kasabuhan, “Wala kang maibabahagi kung wala ka nga namang natamo!” Binanggit naman ng ikalawang kalahok na, walang pokus ang mga bata sa pag-aaral sa bahay maaring dahil malapit sila sa tukso ng paglalarong gadget, pakikilaro sa mga kaibigan at iba pang maaring makaistorbo sa pagtutok sa pag-aaral.

Ayon naman sa ikatlong kalahok, hindi masyadong natututo ang mga anak dahil sa sobrang kalayaan, ito ay dahil nasa bahay ang pag-aaral maaring sila ang magdesisyon kung kalian gagawin ang mga itinakdang aralin lalo na sa modalidad na modular learning. Binanggit naman ng ikaapat na kalahok na dahil sa ang ibang magulang ay hindi nakatuntong ng eskuwelahan maaaring mahirapan silang maturuan ang mga anak iyon ay dahil sa kulang rin sila sa kakayahan at kaalaman. Sinabi naman ng ikalimang kalahok na magastos sa load, iyon ay dahil sa online o virtual learning lalo na kung walang nakakabit na internet mula sa isang cable company o communication company. Karaniwan itong nararanasan ng mga mahihirap na pamilya dahil wala silang pambayad sa buwanang bill ng internet companies.

Binanggit naman ng ikaanim na kalahok na walang gaanong interaksyon sa mga kamag-aral dahil ang pag-aaral ay ginagawa sa bahay, ang ibig sabihin ng interaksyon rito ay ang aktuwal na interaksyon sa mga kaklase sa karaniwang ayos ng pag-aaral. Mahalaga ito lalo na't ang isang bata ay lumalaki pa at kailangan ang pakikisalamuha sa paglinang ng sarili. Mula sa website na www.globalnews.ca naiugnay ang kahalagahan ng sosyalisasyon sa artikulong "Coronavirus: How a Lack of Socialization could Impact", ang pakikisalamuha o sosyalisasyon ay mahalagang salik ng paglaki ng isang tao ngunit dahil sa pandemya nahinto ito, na nag-iwan sa mga magulang ng katanungan kung ang kanilang mga anak ay hindi sapat ang interaksyon sa kanilang kapwa bata. Mahalaga ang pakikisalamuha dahil isa ito sa pangangailangan upang malinang ang pagkatao hanggang sa pagtanda.

PAKSA 6: Negatibong Dulot ng Pandemya sa Tahanan

Ang mga kalahok ay nagbigay ng pahayag:

...*Mababawasan ang oras sa pagtatrabaho sapagkat kailangang tumutok sa pag-aaral ng mga anak...*(K1)

...*Nahihirapan ang magulang sa pagtuturo sa mga anak sa iba't ibang asignatura...*(K2)

...*Hindi makakilos o makagawa ng mga gawain sa paggabay sa pag-aaral ng mga anak...*(K3)

...*Kakulangan sa resources upang matugunan ang pag-aaral ng mga anak lalo na sa mga mahihirap na pamilya...*(K4)

...*Nai-expose ang mga bata sa gadgets na maaring makasama sa kalusugan...*(K5)

...*Maaaring hindi gaanong magabayan ang mga anak sa pag-aaral lalo na't may mga gawaing kailangang asikasuhin...*(K6)

Ipinakikita sa PAKSA 6 ang mga negatibong dulot ng pandemya sa tahanan. Mahalaga ito sapagkat dito malalaman ang mga hindi kapaki-pakinabang na idinulot ng pandemya sa tahanan. Nangunguna na ang sinabi ng unang kalahok na, nababawasan ang oras ng pagtatrabaho sapagkat kailangang tumutok sa pag-aaral ng mga anak, depende sa magulang kung ang kanyang prayoridad ay trabaho magtatrabaho siya pero kung ang prayoridad niya ay ang pag-aaral ng anak kahit nagtatrabaho siya may oras pa rin siya sa paggabay sa pag-aaral ng kanyang mga anak. Sinabi ng ikalawang kalahok na, nahihirapan ang mga magulang sa pagtuturo sa mga anak sa iba't ibang asignatura, kinakailangan na humingi ng tulong sa mga may alam tulad ng kamag-anak, kaibigan at kung may pera na pwedeng itustos ay humanap ng magtuturo o tutor.

Nabanggit ng ikatlong kalahok na maaring hindi makakilos sa paggawa ng mga gawain o trabaho kapag gumagabay sa pag-aaral ng mga anak, depende iyan sa pamamahala sa oras kailangan ang trabaho para sa ikabubuhay ng pamilya pero kailangan rin ang oras para magabayan ang mga anak sa pag-aaral. Ayon naman sa ikaapat na kalahok, may kakulangan sa resources upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga anak sa pag-aaral sa mag mahihirap na pamilya, kailangang umisip ng paraan kung paano matugunan ang mga pangangailangan ayon nga sa isang kasabihan, "If there's a will, there's a way."

Binanggit naman ng ikalimang kalahok nai-expose ang mga bata sa gadgets na maaring makasama sa kalusugan, kailangan lang palakasin ang immune system ng katawan dahil sa makabagong panahon ang paggamit ng makabagong teknolohiya tulad ng mga gadgets ay isang pangangailangan na. Sa huli sinabi ng ikaanim na kalahok na, maaring hindi gaanong magabayan ang mga anak sa pag-aaral lalo na't may mga gawaing kailangan na asikasuhin, gaya ng nauanang pahayag ng mga kalahok depende pa rin yan sa pamamahala ng oras sapagkat hindi naman lahat ng oras ay ilalaan sa trabaho dapat ring may oras sa paggabay sa pag-aaral ng mga anak. Ayon sa website na www.getmagicbox.com ang paggamit ng gadgets sa modalidad ng pag-aaral sa panahon ng pandemya ay isang pangangailangan sa artikulong, "How to Ease Independent Learning Experience During

COVID-19” na nagkaroon ng eksperimento na isinagawa sa isang lugar sa Ethiopia sa Africa. Sa mga malalayong lugar na sinisikap na makapag-aral ang mga bata kahit walang magtuturo na guro. Ang One Laptop Per Child na organisasyon ay namudmod ng mga tablets at solarchargers. Ang mga tablets ay iniwang nakaselyo pa sa kahon na walang sinabing paalala. Maraming mga kurokuro ang lumabas patungkol sa mga magiging kinalabasan ng eksperimento. May mga nagsasabing marami sa mga bata ay hindi bubuksan ang kahon. Ang iba ay nagsasabing paglalaruan lang ang mga tablets at ito’y mababasag lamang. Pero sa pagkagulat ng karamihan sa loob ng apat na minute hindi lang nabuksan ng mga bata ang kahon ng tablets, nahanap pa nila ang power button at na-switched on ang tablet. Makalipas ang limang buwan, ang mga bata ay nakagagamit ng apatnapu’t pitong apps kada araw. Natuto rin ang mga batang kumanta ng ABC song sa loob ng dalawang lingo. Nagpapakita angang eksperimentong ito na naisasagawa ang independent learning kung may inilalaan na tamang kagamitan at teknolohiya. Lalong-lalo na nasa bahay mas feel at home ang mga bata kaya mas matutoto sila sa kanilang sarili sa gabay ng kanilang magulang at sa pamamagitan ng social media nagagbayan rin ng mga guro.

4. Nabuo batay sa resulta ng pag-aaral

Ang awtput na nagawa ay isang plano sa pagsasagawa ng seminar-worksyap para makatulong paglinang ng mga makabagong modalidad sa pagtuturo sa paaralan at sa mga gawaing pangkabuhayan sa tahanan sa panahon ng pandemya.

5. Kongklusyon

Batay sa natuklasan, nabuo ang sumusunod na kongklusyon:

5.1 Ang mga Irosanong gurong magulang ay may mga magkakaibang pamamaraan upang makabangon sa mga suliranin sa edukasyon at sa tahanan sa mga hamon ng pandemya sa pagtuturo: (1) Ang mga pamamaraan bilang solusyon sa mga suliranin sa edukasyon sa panahon ng pandemya. 1.1 Nangunguna na sinabi ng unang kalahok ay ang effective time management sa pagtuturo, 1.2 sa ikalawang kalahok ay maging resourceful upang maabot ang mga layunin ng pagkatuto ng di alintana ang pandemya, 1.3 sa ikatlong kalahok ay pakikipag-ugnayan at pakikipag-usap sa mga pwedeng makatulong sa pag-aaral ng anak lalo na sa akademik, 1.4 sa ikaapat na kalahok ay maging malawak ang pag-unawa at pagtanggap sa mga pagbabagong nagaganap sa kasalukuyan, 1.5 sa ikalimang kalahok ay sumunod sa mga alituntunin na ipinatutupad ng kinauukulan, 1.6 at sa ikaanim na kalahok ay maglaan ng oras o panahon para turuan sa aralin ang mga anak at makapag-bonding na rin.

(2) Ang mga pamamaraan bilang solusyon sa mga suliranin sa tahanan sa panahon ng pandemya. 2.1 Nangunguna na sinabi ng unang kalahok ay, bigyan ng panahon ang mga bata na pag-aralang mabuti ang mga aralin, 2.2 sa ikalawang kalahok na ang pagiging mahinahon sa panahon ng pandemya at pagiging matulungin sa kapwa, 2.3 sa ikatlong kalahok dagdagan ang sipag, tiyaga at pagtitipid at paghahanap ng iba pang mapgkakakitaan, 2.4 sa ikaapat na kalahok mas maging matiyaga at masigasig sa pagtupad ng tungkulin bilang magulang, 2.5 sa ikalimang kalahok ang maging aktibo at responsable sa mga programa at proyekto ng pamahalaan tulad ng pagsunod sa mga health protocols, 2.6 sa ikaanim na kalahok ang mamuhay ng simple gamitin ang mga resources na available para sa innovations upang mapalago at maihatid ng tama ang mga kaalaman sa mga mag-aaral sa tahanan.

5.2 Magkakaiba ang mga positibo at negatibong dulot ng pandemya sa edukasyon at sa tahanan sa mga hamon ng pandemya sa pagtuturo: (1) Ang mga positibong dulot ng pandemya sa edukasyon, 1.1 nangunguna na rito ang sinabi ng unang kalahok nagkaroon ng flexible time sa pag-aaral, 1.2 sa ikalawang kalahok nagkaroon ng oras na tutukan ang pag-aaral ng anak, 1.3 sa ikatlong kalahok nagabayan ang mga anak sa pag-aaral, 1.4 sa ikaapat na kalahok lumuwag ang oras sa pag-aaral, 1.5 sa ikalimang kalahok na dii-nakagagala matapos ang pagpasok sa paaralan kaya alam mo kung nasaan ang anak na nag-aaral at sa 1.6 ikaanim na kalahok nakapaglalaan ng oras para turuan sa mga aralin ang mga anak.

(2) Ang mga positibong dulot ng pandemya sa tahanan, 2.1 nangunguna na rito ang sinabi ng unang kalahok nawala ang pangamba ng magulang sa posibleng mangyari sa anak habang nasa paaralan, 2.2 sa ikalawang kalahok nakatipid sa mga gastusin sapagkat walang pasok sa paaralan, 2.3 sa ikatlong kalahok natutuwid kaagad ang mga pagkakamali ng mga anak sapagkat nasa bahay lang, 2.4 sa ikaapat na kalahok nagkaroon ng panahon para sa pamilya, 2.5 sa ikalimang kalahok nabigyang pansin ang mga simpleng bagay sa kapaligiran tulad ng pagtatanim ng mga halaman at gulay sa bakuran, 2.6 sa ikaanim na kalahok napagtanto na maari ring mamuhay ng masaya kahit nasa bahay lang kasama ang pamilya.

(3) Ang mga negatibong dulot ng pandemya sa edukasyon: 3.1 nangunguna na rito ang sinabi ng unang kalahok na kulang at hindi sapat na kaalaman ang naibabahagi sa mga bata dahil ang pag-aaral ay nakasalalay lamang sa limitadong kakayahan at kaalaman ng magulang, 3.2 sa ikalawang kalahok na walang pokus ang mga bata sa pag-aaral sa bahay, 3.3 sa ikatlong kalahok na hindi masyadong natututo ang mga anak dahil sa sobrang malaya, 3.4 sa ikaapat na kalahok na dahil sa ang ibang magulang ay hindi nakapag-aral maaring mahirapan silang maturuan ang mga anak sa pag-aaral, 3.5 sa ikalimang kalahok na magastos sa load, at sa ikaanim na kalahok na walang gaanong aktwal na interaksyon sa mga kamag-aral dahil ang pag-aaral ay ginagawa sa bahay.

(4) Ang mga negatibong dulot ng pandemya sa tahanan: 4.1 nangunguna na rito ang sinabi ng unang kalahok na mababawasan ang oras sa pagtatrabaho sapagkat kailangang tumutok sa pag-aaral ng mga anak, 4.2 sa ikalawang kalahok na nahihirapan ang magulang sa pagtuturo sa mga anak sa iba't ibang asignatura, 4.3 sa ikatlong kalahok na hindi makakilos o makagawa ng mga gawain sa paggabay sa pag-aaral ng mga anak, 4.4 sa ikaapat na kalahok na kakulangan sa resources upang matugunan ang pag-aaral ng mga anak lalo na sa mga mahihirap na pamilya, 4.5 sa ikalimang kalahok na nai-expose ang mga bata sa gadgets na maaring makasama sa kalusugan 4.6 at sa ikaanim na kalahok na maaring hindi gaanong magabayan ang mga anak sa pag-aaral lalo na't may mga gawaing kailangang asikasuhin.

6. Rekomendasyon

Batay sa resulta ng pag-aaral na ito nabuo ang mga sumusunod na rekomendasyon:

6.1. Hikayatin ang mga gurong magulang at komunidad na patuloy na umisip ng paraan upang labanan ang mga suliraning dulot ng pandemya.

6.2. Tangkilikin ang mga seminar-worksyap o mga babasahing magbibigay ng impormasyon ng mga gurong magulang na makatutulong upang makapagturo ng mga makabagong modalidad sa pagtuturo at makapagsagawa ng mga gawaing pangkabuhayan sa tahanan sa panahon ng pandemya.

6.3. Ang lokal na pamahalaan ay maglaan ng programa na tutulong sa mga gurong magulang at sa komunidad na maibsan at masolusyunan ang mga suliraning dulot ng pandemya sa tahanan at paaralan.

6.4. Magsagawa ng pag-aaral na may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik nang sa gayon ay mapalalim pa ang pagtuklas sa mga kaalamang makatutulong upang mas mapahalagahan ang kahandaan sa panahon ng pandemya.

Pagkilala - Ang pag-aaral na ito ay hindi magkakaroon ng katuparan kung hindi dahil sa tulong at suporta ng mga taong naniniwala sa layunin ng mananaliksik, kung kaya't taus pusong nagpapasalamat ang mananaliksik sa mga sumusunod: Sa paaralang *Gradwado*, Sorsogon State University sa pagbibigay sa mananaliksik na makapag-aral sa institusyong ito. *Dr. Helen R. Lara*, Pangulo, Sorsogon State University sa patuloy na pagbibigay ng suporta sa paaralang *Gradwado*. *Dr. Gerry A. Carretero*, Dekano, Paaralang *Gradwado*, Sorsogon State University, sa pagsuporta sa paghikayat sa mga mag-aaral na magpatuloy sa pagsasagawa ng pananaliksik. *Dr. Sherill Gilbas*, Tagapayo, sa kanyang pagiging matiyaga, maalalahanin, at walang sawang pagpapaalala, gabay at tulong sa mananaliksik at, nang pagbibigay ng panahon at mungkahi para sa ikaunlad ng pag-aaral na ito. Sa lahat ng mga tao sa bayan ng Irosin na tumulong upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito. Sa aking

mga minamahal na magulang *Raul F. Llaneta* at *Lilia N. Llaneta*, maybahay na si *Maricel* at anak na si *Railey Axel*. At higit sa Ina ng Walang Hanggang Saklolo at sa Poong Maykapal na walang sawang gumabay at tumulong anuman ang mga balakid at pagsubok sa pag-aaral na ito. Maraming salamat po sa inyong lahat!
R.N.L.

7. Sanggunian

- Bozkurt, A., & Sharma, R. C. (2020). Emergency remote teaching in a time of global crisis due to coronavirus pandemic. *Asian Journal of Distance Education*, 15(1), 1-6.
- Burgess, S., & Sieversten, H. H. (2020). *The impact of COVID-19 on education: School, skills and learning*. Retrieved from <https://voxeu.org/article/impact-covid-19-education>
- del Castillo, F. A., & del Castillo, C. D. B. (2020). Lessons from COVID19: Advocacy toward the vulnerable. *Journal of Public Health*, 42(4), 869–870. <https://doi.org/10.1093/pubmed/fdaa121>
- Ferdig, R. E., Baumgartner, E., Hartshorne, R., Kaplan-Rakowski, R., & Mouza, C. (Eds). (2020). Teaching technology, and teacher education during the COVID19 pandemic: Stories from the field. Association for the Advancement of Computing in Education.
- Flores, M. A., & Gago, M. (2020). Teacher education in times of COVID-19 pandemic in Portugal: National, institutional and pedagogical responses. *Journal of Education for Teaching*, 46(4), 507-516. <https://doi.org/10.1080/02607476.2020.1799709>
- Flores, M. A., Macahado, E. A., & Alves, P. (2020). *Ensino e avaliacao a distancia em tempos de COVID-19 nos ensinos basico e secundario em Portugal*. Webinar, July 3.
- Patrick, S. W., Henkhaus, L. E., Zickafoose, J. S., Lovell, K., Halvorson, A., Loch, S., Letterie, M., & Davis, M. M. (2020). Well-being of parents and children during the COVID-19 pandemic: A national survey. *Pediatrics*, 146(4). <https://doi.org/10.1542/peds.2020-016824>
- Schleicher, A. (2020). *The impact of COVID-19 on education, insights from education at a glance 2020*. Retrieved from <https://www.oecd.org/education/the-impact-of-covid-19-on-education-insights-education-at-a-glance-2020.pdf>

Websites:

- 5 tips to save money during COVID-19 crisis. Retrieved from <http://securitybank.com.html>
- 7 benefits of a virtual classroom. Retrieved from <http://www.waldenu.edu.html>
- 9 unique ways to use technology in the classroom. Retrieved from <http://www.goguardian.com.html>
- Bullying. Retrieved from <http://en.m.wikipedia.org.html>
- Cable internet access. Retrieved from <http://en.m.wikipedia.org.html>
- Can you socialize safely during the COVID-19 pandemic? Retrieved from <http://www.time.com.html>
- Challenges parents face in education's new normal. Retrieved from <http://www.manilatimes.net.html>
- Chores have no gender: Creating equality at home during COVID. Retrieved from <http://www.plan-international.org.html>
- Computers in the classroom: Desktop vs. laptop vs. tablet. Retrieved from <http://www.stonegroup.co.uk.html>
- Coronavirus: How a lack socialization could impact. Retrieved from <http://www.globalnews.ca.html>
- COVID-19 and clean air: An opportunity for radical change. Retrieved from <http://www.thelancet.com.html>
- COVID-19 pandemic heightens the importance of handwashing. Retrieved from <http://www.afro.who.int.html>
- COVID-19(Coronavirus) pandemic information sources channels. Retrieved from <http://www.journal.sagepub.com.html>
- Dealing with depression during coronavirus. Retrieved from <http://www.helpguide.org.html>
- DTI: 90,000 business remain closed amid pandemic. Retrieved from <http://www.business.inquirer.net.html>
- Faith in time of crisis. Retrieved from <http://www.apa.org.html>

- Govt. economic teams roll out 27.1-bilyon packages COVID-19 pandemic.* Retrieved from <http://www.dof.gov.ph.html>
- How coronavirus traffic affects internet speed and performance.* Retrieved from <http://www.vox.com.html>
- How many teachers are at risk of serious illness if infected?* Retrieved from <http://www.kff.org.html>
- How to ease independent learning experience during COVID-19.* Retrieved from <http://www.getmagicbox.com.html>
- How to effectively study from home during the coronavirus outbreak.* Retrieved from <http://www.masterportal.com.html>
- Impact of COVID-19 pandemic on education.* Retrieved from <http://www.en.m.wikipedia.org.html>
- Lack of study space and pros connections hinder online learning.* Retrieved from <http://www.timeshighereducation.com.html>
- Mobile Web.* Retrieved from <http://www.en.m.wikipedia.org.html>
- More 'family time' amid coronavirus isolation at home.* Retrieved from <http://www.aa.com.tr.html>
- No budget for treatment of teachers with coronavirus.* Retrieved from <http://www.rappler.com.html>
- Pandemic preparedness act-senate of the Philippines.* Retrieved from <http://www.senate.gov.ph.html>
- Policy brief: education during COVID-19 and beyond.* Retrieved from <http://www.en.unesco.org.html>
- Readiness assessment checklist for learning delivery modalities in learning continuity plan of private schools.* Retrieved from <http://www.deped.gov.ph.html>
- Reality bites: Lack of subsidies for gadgets and mobile data.* Retrieved from <http://www.opinion.inquirer.net.html>
- Simple ways to save money during the coronavirus pandemic.* Retrieved from <http://www.cnbc.com.html>
- Some teachers still lack gadgets for distance learning as school opens.* Retrieved from <http://www.news.abs-cbn.com.html>
- Surging traffic is slowing down our internet.* Retrieved from <http://www.nytimes.com.html>
- Teachers at high risk for coronavirus still don't know whether they'll be.* Retrieved from <http://www.bostonglobe.com.html>
- Teachers in Ilocos Sur climbs mountain to get wi-fi signal, enrolls student online.* Retrieved from <http://www.newsinfo.inquirer.net.html>
- Teachers share their biggest fears about reopening schools.* Retrieved from <http://www.theverge.com.html>
- The COVID-19 pandemic shows we must transform the global food.* Retrieved from <http://www.theguardian.com.html>
- The financial impact of the coronavirus (COVID-19)-money fit.* Retrieved from <http://www.moneyfit.org.html>
- The hidden yet rising expenses of teaching remotely during pandemic.* Retrieved from <http://www.insidehighered.com.html>
- The importance of gardening during the COVID-19 pandemic.* Retrieved from <http://www.sebunjesnew.rugers.edu.html>
- The use of educational radio for improving the quality of teaching.* Retrieved from <http://www.itforchange.com.html>
- This is why financial planning is important in a time of pandemic.* Retrieved from <http://www.fwd.com.ph>
- Tutoring: a time-tested solution to an unprecedented pandemic.* Retrieved from <http://www.brookings.edu.html>
- Types of broadband connections.* Retrieved from <http://www.fcc.gov.html>
- Using a modular approach to course design.* Retrieved from <http://www.boisetate.edu.html>
- Using smartphones in classrooms.* Retrieved from <http://www.aip.scitation.org.html>
- Verizon DSL plans and availability DSL internet service.* Retrieved from <http://www.verizon.com.html>
- View of bridges to effective learning through radio.* Retrieved from <http://www.irrod1.org.html>
- What is satellite internet?* Retrieved from <http://www.plugthingsin.com.html>

